ANO ANG WELCOME POLICY (PATAKARAN NG MALUGOD NA PAGTANGGAP)?
Ang Welcome Policy (Patakaran ng Malugod na Pagtanggap) ay nagbibigay ng tulong sa pananalapi para sa mga taong may mababang kita upang sila ay makilahok sa mga programang panlibangan sa anumang sentro ng komunidad sa Lungsod ng Toronto. Ang mga karapat-dapat napamilya at mga indibidwal ay makakakuha ng taunang kredito na maaari nilang gamitin upang magrehistro sa mga progamang libangan.

ANO ANG KABUUANG HALAGA NG TAUNANG KREDITO PARA SA WELCOME POLICY (PATAKARAN NG MALUGOD NA PAGTANGGAP)?
Ang mga bata at kabataan (0 hanggang 24 taong gulang) ay karapat-dapat para sa halagang $494.
Ang mga matatanda (25 taong gulang at mas matanda) ay karapat-dapat para sa halagang $230.

Ang kredito ay balido hanggang 12 buwan mula sa petsa na ikaw ay naaprubahan at maaaring gamitin para sa anumang programang panlibangan. Alalahanin na magplano para sa lahat ng mga kapanahunan: mga programa para sa taglagas, tag-lamig, tagsibol at tag-init.

PAANO AKO MAG-APLAY PARA SA WELCOME POLICY (PATAKARAN NG MALUGOD NA PAGTANGGAP)?
Kung ikaw ay nakakatanggap ng tulong na salapi mula sa pamahalaan at nakatira sa Toronto ikaw ay dating naaprubahan at iyong kredito ay muling binabago bawat taon. **Hindi mo na kailangang** kumpletuhin ang isang aplikasyon. Kausapin ang taong humahawak ng iyong kaso.

Kung hindi ka nakakatanggap ng tulong na salapi mula sa pamahalaan, **dapat kumpletuhin** mo ang isang pormularyong aplikasyon bawat taon. Upang maging karapat-dapat na mag-aplay, ikaw ay dapat:

- 18 taong gulang at mas matanda
- Nakatira sa Toronto
- Ang kita ng pamilya bago ibawas ang buwis ay mas mababa kaysa sa Statistics Canada Low Income Cut Off (Hangganan ng Mababang Kita ng Estatistika ng Canada), na maaaring makita sa toronto.ca/wp

Mayroon tatlong paraan upang makakuha ng isang aplikasyon:

- Tumawag sa linya para sa aplikasyon ng Welcome Policy (Patakaran ng Malugod na Pangtanggap) sa 416-338-2000 (TTY 416-338-3195) upang maipadala sa iyo ang aplikasyon sa koreo
- Kumuha ng isang aplikasyon sa anumang sentro ng komunidad
- I-download ang isang aplikasyon sa toronto.ca/wp

PAANO KO ISUSUMITE ANG AKING APLIKASYON?
Siguraduhin na nakumpleto mo ang LAHAT ng mga bahagi ng aplikasyon at ipadala ang mga kopya (huwag ipadala ang mga orihinal) ng lahat ng mga sumusuportang dokumento. Para sa listahan ng tinatanggap na mga sumusuportang dokumento, mangyari bisitahin ang toronto.ca/wp o tumawag sa 416-338-2000 (TTY 416-338-3195)

Pirmahan ang aplikasyon, ikabit ang mga kopya ng mga sumusuportang dokumento at pumili ng isang paraan upang ipadala ito:

- Ipadala sa koreo sa City of Toronto, Welcome Policy Application, 55 John St. – Mailroom, Toronto, Ontario M5V 3C6.
- Dalhin ang iyong nakumpletong aplikasyon sa anumang opisina o civic center ng Toronto Employment and Social Services.
- I-fax sa 416-338-5046 (mangyari tandaan na ang pag-fax ay hindi ligtas na paraan sa pagpapadala ng impormasyon).

PAANO KO MALALAMAN KUNG AKO AY NAAPRUBAHAN?
Kapag nasuri ang iyong nakumpletong aplikasyon at mga sumusuportang dokumento, makakatanggap ka ng isang sulat na nagsasabi sa iyo na:

- ikaw ay naaprubahan o
- kailangan mong magbigay ng dagdag na impormasyon o
- hindi ka naaprubahan at ang mga dahilan kung bakit

- Ang iyong kredito ay idadagdag sa iyong akount sa araw na ang iyong aplikasyon ay naaprubahan

PAGPAPAREHISTRO SA MGA PROGRAMA
Ang mga petsa ng pagpaparehistro para sa mga programang panlibangan ay sa Setyembre, Disyembre, Marso at Hunyo. Bisitahin ang toronto.ca/torontofun o tumawag sa 311 upang malaman ang iskedyul kung kailan bukas ang pagpaparehistro sa iyong distrito.

Ang pagpaparehisto ay Kasingdali ng 1, 2, 3!

HAKBANG 1: Kumuha ng Mga Numero ng Pamilya at Kliyente
Upang magpalista sa mga programang panlibangan, kinakailangan mo ng Mga Numero ng Pamilya at Kliyente para sa bawat miyembro ng iyong pamilya. Itong impormasyon ay kasama sa liham ng pagkumpirma na natanggap mo na nagsasabi na ikaw ay naaprubahan para sa Welcome Policy (Patakaran ng Malugod na Pagtanggap)

HAKBANG 2: Pumili ng Mga Programa
Upang malaman ang tungkol sa at piliin ang mga programa na kung saan mo nais magparehistro at kung kailan magbubukas ang pagpaparehistro sa iyong distrito, tingnan sa online sa toronto.ca/torontofun o sa FUN Guide para sa mga listahan ng programa na matatagpuan sa City Hall, mga civic centre, mga sentro ng komunidad at mga aklatan

HAKBANG 3: Magrehistro sa Tamang Oras
Mabilis mapuno ang maraming programa.
Siguraduhin na dala mo ang mga numero ng Pamilya at Kliyente at handa ang pagpipiliang mga programa.

Mayroong apat na paraan upang magparehistro:

- SA ONLINE (Internet): bisitahin ang toronto.ca/torontofun. Ang pagpaparehistro sa online ay ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan sa pagrehistro sa mga programa.
- SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO: Touch Tone Registration [Pagrerehistro sa pamamagitan ng Pagpipindot ng Tono] (TTR) sa 416-338-0000
- TINUTULUNGAN NG OPERATOR: Tumawag sa 416-338-4386 upang magparehistro sa pamamagitan ng tulong ng kinatawan ng serbisyo sa kustomer
- NG PERSONAL: Magparehistro ng personal sa mga piniling mga lugar. Para sa listahan nitong mga lugar, bisitahin ang toronto.ca/parks/registration, tumawag sa 311 o makipag-usap sa tauhan ng iyong lokal na sentro ng komunidad.

MGA TIP PARA GAMITIN NG SULIT ANG IYONG WELCOME POLICY (PATAKARAN NG MALUGOD NA PAGTANGGAP)

- Ang mga pamilya ay may kakayahang magpasiya ng kanilang mga sariling kinakailangang libangan at kung paano gamitin ng wasto ang naibigay na tulong na salapi ng pamahalaan. Isang mahalagang bagay na dapat tandaan ay **ang taunang halaga ng tulong na salapi ng pamahalaan ay dapat tumagal ng buong 12 buwan.**
- Magtamasa at magsaya sa mga programa, ngunit kung hindi ka maaring dumalo sa programa kung saan ka nakarehistro, magbigay-alam sa Lungsod ng Toronto sa lalong madaling panahon. Mga programa ay sikat at marami ay may listahan ng paghihintay. Kung hindi ka makadalo sa programa, mangyari makipag-ugnayan sa iyong sentro ng komunidad o tumawag sa 416-338-4386 upang ang lugar ay maaaring ialok sa ibang tao. Ang kredito ay ibabalik sa balanse ng iyong kredito ng Welcome Policy (Patakaran ng Malugod na Pagtanggap)

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, MANGYARI MAKIPAG-USAP SA TAUHAN NG IYONG LOKAL NA SENTRO NG KOMUNIDAD.